Mensahe Apat

## Matiyagang Nananalangin kasama ang Diyos bilang Ating Pananampalataya

Babasahin sa Kasulatan: Marcos 11:20-24; Lucas 18:1-8; Apoc. 8:3-5

**I. Sa Marcos 11:20-24 tinuruan ng Panginoong Hesus ang Kanyang mga disipulo na manalangin sa pamamagitan ng pananampalataya para sa pagsasagawa ng kalooban ng Diyos ayon sa ekonomiya ng Diyos:**

A. Kapag ang isang nananalangin ay naihalo sa Diyos at kaisa ng Diyos, ang Diyos ay nagiging ang kanyang pananampalataya; ito ang kahulugan ng pagkakaroon ng pananampalataya sa Diyos—b. 22.

B. Tanging ang mga panalanging mula sa pananampalataya ang makakahipo sa Diyos; kung walang pananampalataya ang panalangin ay walang bisa—b. 23.

C. Ang pananampalataya ay ang pagsampalataya na natanggap na natin kung ano ang ating hinihiling—b. 24:

1. Ayon sa salita ng Panginoon, dapat tayong manampalataya na natanggap na natin, hindi yaong tatanggapin natin.
2. Ang umasa ay nangangahulugang umasa sa isang bagay sa hinaharap; ang sumampalataya ay nangangahulugan na ituring ang isang bagay na wari'y natanggap na natin.
3. Ang pananampalataya ay hindi lamang ang pagsampalataya na kayang gawin ng Diyos o gagawin ng Diyos ang isang bagay bagkus nananampalataya na ginawa na ng Diyos ang bagay na iyon.

D. Ang panalangin sa Marcos 11:20-24 ay isang panalangin na may awtoridad; ang ganitong uri ng panalangin ay nakadirekta hindi sa Diyos kundi sa "bundok na ito"—b. 23:

1. Ang isang panalangin na may awtoridad ay hindi humihingi sa Diyos na gumawa ng isang bagay; sa halip, ito ang pag-eensayo ng awtoridad ng Diyos at ginagamit ang awtoridad na ito upang tuusin ang mga suliranin at mga bagay na dapat maalis—Zac. 4:7; Mat. 21:21.
2. Inatasan tayo ng Diyos upang iutos kung ano ang Kanyang iniutos at magbigay ng mga utos sa kung ano ang Kanyang iniutos—17:20.
3. Ang isang panalangin na may awtoridad ay isa na kung saan masasabihan natin ang mga bagay na bumibigo sa atin na umalis.
4. Ang ekklesia ay maaaring magkaroon ng gayong panalanging may awtoridad sa pamamagitan ng pagkakaroon ng lubos na pananampalataya, na hindi nagdududa, at pagiging malinaw na anuman ang ginagawa natin ay lubusang ayon sa kalooban ng Diyos—6:10; 18:19-20.
5. Ang panalanging may awtoridad ay may kinalaman sa mga mandaraig; bawat mandaraig ay dapat matutong magsalita sa "bundok na ito"—Marcos 11:23.

**II. Sa Lucas 18:1-8 sinabihan ng Panginoong Hesus ang mga disipulo ng isang talinghaga na "sa huli ay dapat silang laging manalangin at huwag mawalan ng loob"—b. 1:**

A. Ang kahulugan ng talinghagang ito ay malalim, at kailangan nating makilala ang Diyos kung paano Siya inihayag dito—bb. 7-8.

B. Ang balô sa bersikulo 3 ay sumasagisag sa mga mananampalataya; sa isang pakahulugan, ang mga mananampalataya kay Kristo ay isang balô sa kasalukuyang

kapanahunan sapagkat ang kanilang Asawang Lalaki, si Kristo, sa wari ay wala—2 Cor. 11:2.

C. Katulad ng balo sa talinghaga (Lucas 18:3), tayong mga mananampalataya kay Kristo ay may katunggali, si Satanas ang diyablo, kung kanino dapat tayong ipagtanggol ng Diyos:
   1. Ipinapahiwatig ng talinghagang ito ang mga pagdurusa natin mula sa ating katunggali habang wala ang Panginoon.
   2. Sa panahon ng Kanyang tila pagkawala, tayo ay isang balô na binabagabag ng kanyang katunggali sa lahat ng oras.

D. Habang inuusig tayo ng ating katunggali, tila ang ating Diyos ay hindi matuwid, sapagkat hinahayaan Niyang mausig ang Kanyang mga anak nang di-matuwid—1 Ped. 2:20; 3:14, 17; 4:13-16, 19:
   1. Sa tinagal ng mga siglo, libu-libong tunay at tapat na tagasunod ng Panginoong Hesus ang nagdusa ng di-matuwid na pag-uusig; maging ngayon marami ang mga dumaraan sa di-matuwid na pagtrato—Apoc. 2:8-10.
   2. Ang ating Diyos sa wari ay di-matuwid, yamang hindi Siya dumarating upang humatol at magtanggol; dahil sa ganitong situwasyon, ginamit ng Panginoong Hesus ang isang di-matuwid na hukom upang ipakahulugan ang Diyos, na tila walang ginagawa para sa Kanyang nagdurusang bayan—Lucas 18:2-6:
      a. Ang ating Diyos ay isang Diyos na nagtatago (Isa. 45:15), gaya ng ipinapahiwatig ng aklat ng Ester.
      b. Kailangan nating matanto na ang Diyos na makapangyarihan-sa-lahat at nasa lahat ng dako na ating pinaglilingkuran ay nagtatago, lalo na kapag tinutulungan Niya tayo—Juan 14:26; Rom. 8:26.
      c. Hindi natin Siya nakikita, at sa wari, Siya ay walang ginagawa; sa katunayan, sa isang nakatagong paraan Siya ay maraming ginagawa para sa atin—bb. 28, 34; Est. 4:14.

E. Ang balô sa talinghaga ay patuloy na nagtungo sa di-matuwid na hukom at hiniling sa kanya na ipagtanggol siya sa kanyang katunggali; dapat tayong matiyagang manalangin para sa ganitong pagtatanggol at huwag mawalan ng loob—Lucas 18:1, 3:
   1. Sa panahon na ang ating Asawang Lalaki ay tila wala at tayo ay naiwan dito sa lupa bilang isang balô, pansamantala ang ating Diyos ay tila isang di-matuwid na hukom—b. 6.
   2. Bagamat Siya ay tila di-matuwid, dapat pa rin tayong umapila sa Kanya, matiyagang manalangin, at bagabagin Siya nang muli't muli, sapagkat mabilis Niyang isasagawa ang pagtatanggol sa Kanyang mga pinili, na "sumisigaw sa Kanya araw at gabi"—bb. 7-8a.

F. Ipinapahiwatig ng Apocalipsis 8:5 ang sagot sa 6:9-11 at Lucas 18:7-8:
   1. Ang panalangin ng mga banal sa Apocalipsis 8:3-4 ay para sa paghahatol sa lupa, na sumasalungat sa ekonomiya ng Diyos.
   2. Ang paghahatol ng Diyos sa lupa—ang paghagis ang apoy sa lupa—ay ang sagot sa mga panalangin ng mga banal kasama si Kristo bilang ang insenso—bb. 3-5.

G. "Pagparito ng Anak ng Tao, makakasumpong kaya Siya ng pananampalataya sa lupa?"—Lucas 18:8b:
   1. Sa literal, ang Griyegong salita na isinaling "pananampalataya" ay nangangahulugang "ang pananampalataya"; ito ay tumutukoy sa matiyagang pananampalataya para sa ating matiyagang panalangin, gaya niyaong sa balô.

2. Ang pananampalataya kung saan tayo ay naligtas ay ang panimulang yugto ng pananampalataya; ang pananampalataya na nagdala sa atin sa pakikiisa sa buhay kay Kristo ay ang nagdudugtong na pananampalataya—ang pananampalataya na dumarating sa atin sa pamamagitan ng ating patuloy na pakikiugnay sa Tres-unong Diyos upang tayo ay makapamuhay sa pamamagitan ng Anak ng Diyos—Rom. 1:17; Gal. 2:20; Juan 14:19.
3. Ang nagdurugtong na pananampalataya ay ang dibinong kahilingan para sa mga mandaraig upang makatagpo si Kristo sa Kanyang matagumpay na pagbabalik—Lucas 18:8b:
    a. Ang nagdurugtong na pananampalataya ay ang Tres-unong Diyos na kumikilos sa atin upang idugtong tayo sa Kanyang di-malirip na kayamanan—Efe. 3:8.
    b. Ang nagdurugtong na pananampalataya ay ang pananampalataya ng mga mananampalataya na hindi nagtitiwala sa kanilang mga sarili; sa halip, ang kanilang pagtitiwala ay sa Diyos—2 Cor. 1:9.
    c. Pagbalik ng Panginoong Hesus, masusumpungan Niya ang isang bilang ng mga mandaraig na namumuhay sa pamamagitan ng nagdurugtong na pananampalataya at ituturing sila bilang mga kayamanan para sa Kanyang kaharian sa isang libong taon ng Kanyang paghahari—Lucas 18:8b; Apoc. 20:4, 6.